
# Ikaapat na Baitang
# ANG KULAY AT ANG PAGBUBUO NITO

## ALAMIN MO

*Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutukoy mo ang mga pangunahin, pangalawa at pangatlong kulay sa color wheel, naipapaliwanag kung paano nabubuo ang pangalawang kulay at pangatlong kulay at nakabubuo ng pangalawa at pangatlong kulay mula sa pangunahing kulay*

## PAG-ARALAN MO

A. Tingnang mabuti ang color wheel:






Kaya mo bang pangalanan ang mga kulay sa color wheel?  Tukuyin mo ang mga pangunahin, pangalawa at pangatlong kulay nito.  Ilista sa loob ng mga kwadro ang mga pangkat ng mga kulay sa color wheel

1. Primary
2. Secondary
3. Tertiary

| 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|
| | | |

B. Pagmasdang mabuti ang sumusunod:



Orange= red & yellow




Blue-violet = blue & violet

Ikaw rin ay makabubuo ng ibang kulay sa pamamagitan ng paghahalo ng dalawang magkaibang kulay.  Maaari mo itong subukin.

Ang kulay na mabubuo mo ay depende sa dami o proporsyon ng kulay na paghahaluin mo.  Maaari kang mag-eksperimento sa mga kulay ayon sa gusto mo.

Maaari mong paghaluin ang dalawang pangunahing kulay para makabuo ka ng tinatawag na pangalawang kulay, pangatlong kulay naman ang mabubuo mo kapag naghalo ka ng isang pangunahin at pangalawang kulay.



## TANDAAN MO

pangunahing kulay + pangunahing kulay = pangalawang kulay

pangalawang kulay + pangunahing kulay = pangatlong kulay


## PAGSANAYAN MO

A. Ano ang mabubuong kulay pag pinaghalo ang mga sumusunod:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Pula | at | Dilaw | = |
| 2. | Asul | at | Pula | = |
| 3. | Dalandan | at | Berde | = |
| 4. | Dilaw | at | Asul | = |
| 5. | Asul | at | Berde | = |


B. Ano ang nawawala na kulay?

1.




Asul Berde


2.




Pula Dilaw




3.





Dilaw Pula

4.




Dilaw Berde

5.




Pula Pula na Dalandan





## SUBUKIN MO

A. Lumikha ng sariling komposisyon na nagpapakita ng mga kulay na pangunahin, pangalawa at pangatlo. Gawin ito sa iyong drawing notebook at ipakita sa iyong guro.

B. Sagutin ang iskor kard.

| Mga Tanong | Oo | Hindi gaano | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw bang ipina kita ng komposisyon mo ang mga kulay na natutunan<br>- pangunahing kulay<br>- pangalawang kulay<br>- pangatlong kulay | | | |
| 2. Ginawa ba sa sariling pamamaraan ang larawan/ komposisyon at hindi binakat sa aklat o kinopya sa gawa ng iba? | | | |
| 3. Maayos ba at malinis ang iyong likhang sining sa kabuuan nito? | | | |





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.